**1. Mahalagang Panuntunan ng Pambansang Sistema ng Pensyon (Japanese National Pension System) at Sistema ng Ibang Pampublikong Pensyon**

(1) Lahat ng taong nakarehistrong naninirahan sa Bansang Hapon na may edad 20 hanggang 59, anuman ang kanyang nasyonalidad, ay kailangang maging bahagi ng Pambansang Sistema ng Pensyon(Japanese National Pension System) ayon sa batas at kailangang magbayad ng kontribusyon.

(2) Ang Pampublikong Pensyon ay sinadya upang matugunan ang suportang pananalapi sa bawat isa at ng buong lipunan sa pamamagitan ng inter-salinlahing suportang mekanismo o intergenerational support mechanism.

(3) Kasama sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ay pensyon sa mga matatanda sa kanilang katandaan (old-age pension). Kasama din dito ay pension para sa mga taong may kapansanan (disability pension) at pensyon para sa mga nakaligtas (survivor's pension) mula sa mga hindi inaasahang insidente..

(4) Ang Gobyerno ng Hapon ay nagbibigay ng saklolong pananalapi (subsidy) upang tustusan ang benepisiyo ng pensyon.

(5) Ang inyong kontribusyon para sa Sistema ng Pampublikong Pensyon ay kabilang sa binabawasan ng buwis bilang kontribusyon sa panlipunang seguro (social insurance).

**2. Ang Sakop ng Pambansang Pensyon at Ang Pamamaraan ng Pagpapatala**

May tatlong kategorya para sa mga nagsisegurong mamamayan sa ilalim ng Sistema ng Pambansang Pensyon. Maaari ninyong hanapin ang inyong kategorya at ang pamamaraan ng pagpapatala sa ibaba:

(1) Unang Kategorya ng Nagiseguro o Insured Person

Kung kayo ay rehistradong naninirahan sa bansang Hapon, edad 20 hanggang 59, at hindi kabilang sa Ikalawang Kategorya o Ikatlong Kategorya ng Nagseguro (tingnan ang pangalawa o pangatlo sa ibaba), kayo ay nasa Unang Kategorya ng Nagseguro.

→ Kung kayo ay hindi residente ng Hapon at kabilang sa Unang Kategorya, marapat na siguraduhing naiparehistro ang inyong tirahan o paninirahan muna sa tanggapan ng inyong lokal na munisipyo at patunayan ang inyong rehistro ng paninirahan sa bansang Hapon sa pagpatala nito. Pagkatapos, kailangan mong magpatala sa Sistema ng Pambansang Pensyon sa nasabing lokal na munisipyo.

→ Kung kayo ay naging naturalisado o naging mamamayan ng Bansang Hapon sa pamamagitan ng proseso ng batas, kailangan din ninyong magsumite ng pagbabago ng inyong estado sa nasabing tanggapan.

→ Magbayad ng kontribusyon batay sa mensahe at mga paunawa mula sa Serbisyo ng Pensyon ng Hapon (Japan Pension Service - JPS) (tingnan ang "4. Buwanang Kontribusyon" sa ibaba).

(2) Ikalawang Kategorya ng Nagseguro o Insured Person

Kung kayo ay kasalukuyang namamasukan sa isang kompanya o pabrika at bahagi ng pensyon ng nagsegurong manggagawa, kayo po ay kabilang sa Ikalawang Kategorya ng Nagseguro.

→ Ang inyong tanggapan o pinagtatrabahuan ang may tungkuling kumpletuhin ang inyong pagpapatala sa sistema ng pensyon bilang inyong kandili.

→ Ang inyong kontribusyon ay binabawas mula sa inyong sahod at ang inyong opisina ang magbabayad para sa inyo.

(3) Ikatlong Kategorya ng Nagseguro o Insured Person

Kung kayo ay asawang umaasa o dependent ng indibidwal na sakop ng Ikalawang Kategorya ng Nagseguro, at nasa edad 20 hanggang 59, kayo ay nasa Ikatlong Kategorya.

→ Ang tanggapan o opisina ng inyong asawa (Ikalawang Kategorya ng Nagseguro) ang may tungkuling kumpletuhin ang inyong pagpapatala sa sistema ng pensyon bilang inyong kandili. Maaring itanong sa tanggapan o opisina ng inyong asawa ang mga detalye.

→ Hindi nyo na kailangang magbayad ng kontribusyon; kayo ay sakop ng pinansyal na benipisyo mula sa kontribusyon ng taong kabilang sa Ikalawang Kategorya ng Nagseguro.

**3. Pensyon Manwal (Handbook)**

Kung ang inyong proseso ng pagpapatala ay natapos na, kayo ay makatatanggap ng Pensyon Manwal (Pension Handbook). Pakitandaan, na kailangan ninyo iyon sa lahat ng panahon at kailangan ninyo itong ingatan at itago sa ligtas na lugar. Ang inyong Pensyon Manwal (Pension Handbook) ay kailangan upang mapatunayan ang inyong pagkakakilanlan kapag kayo ay dudulog at magtanong para sa inyong benipisyo.

Kung ang inyong Pensyon Manwal(Pension Handbook) ay nawala o nasira, ang nasa Unang Kategorya ng Nagesguro ay kailangang dumulog sa opisina ng sangay ng Sistema ng Pensyon ng Hapon (JPS) o sa inyong lokal na munisipyo. Ang nasa Ikalawang Kateggorya ng Nagseguro ay maaring pumunta sa Sistema ng Pensyon ng Hapon (JPS) o maari kayong magtanong sa inyong opisina o tanggapang pinapasukan. Ang nasa Ikatlong Kategorya ng Nagseguro ay maari itong gawin sa pamamagitan ng opisina o tanggapan na pinapasukan ng inyong asawa.

**4. Buwanang Kontribusyon**

Ang halaga ng kontribusyon ng Pambansang Pensyon ay ¥16,490 sa bawat buwan mula Abril 2017 hanggang Marso 2018. Kailangan ninyong magbayad ng buwanang kontribusyon sa katapusan sa sumunod na buwan.

Maari rin kayong magbayad ng inyong kontribusyon ng salapi o cash at sa bangko o maging sa mga institusyong pinansyal, koreo o mga convenient stores. Maari din kayong magbayad gamit ang automatic bank transmission o Internet payments.

O, maari kayong magbayad na may diskwento kung kayo ay magbabayad ng maaga para sa mga darating na buwanang kontribusyon. Maari din kayong magkaroon pa ng karagdagang diskwento kung kayo ay magbabayad ng maaga gamit ang inyong automatic bank transfer embes na cash payments o salapi.

**5. Paglilibre sa Pagbabayad ng Kontribusyon (Contribution Payment Exemption System)**

Kapag ang inyong kita ay masyadong mababa para magbayad ng kontribusyon o may iba pang kadahilanan, maari kayong dumulog o humingi ng iksemsyon o pagkalibre mula sa pagbabayad ng kontribusyon mula sa inyong lokal na pamahalaan o munisipyo.

Ang sangay ng Sistema ng Pensyon ng Hapon (JPS Branch) ay magsusuri ng inyong nakaraang kita at iba pang mga pangyayari. Kapag sinang-ayunan ang inyong isinumite, maaring bigyan kayo ng buong iksemsyon o parte ng kontribusyon.

Pakisuyong tingnan ang talaan para sa mga uri ng pagkalibre o exemption type, halaga ng kontribusyon na babayaran, at halaga ng Pension sa Pagtanda base sa halaga ng Basic Pension na may halaga ng panahon ng may laya.

| Uri ng Iksemsyon( Pagkalibre) | Halaga ng Kontribusyon | Paghahalintulad ng Halaga |
|---|---|---|
| Buong iksemsyon | ¥0 | 4/8 |
| 1/4 babayaran (3/4iksemsyon ) | ¥4,120 | 5/8 |
| 1/2 babayaran (1/2 iksemsyon ) | ¥8,250 | 6/8 |
| 3/4 babayaran(1/4 Iksemsyon ) | ¥12,370 | 7/8 |
| Sistema ng Pagpapaliban ng Kontribusyon para sa mga taong mababa ang kita | ¥0 | 0 |
| Natatanging Sistema ng Pagbabayad ng mga Estudyante | ¥0 | 0 |

[Paalala]

(1) Pakitandaan na kapag hindi kayo nakapagbayad ng parte ng kontribusyon para sa 1/4, 1/2 o 3/4 kontribusyon, ang sistema ng kabahaging iksemsyon ay wala ng kabuluhan, ito ay kabilang sa hindi nakapagbayad. Ito rin ay nangangahulugang ang naturang panahong pagbabayad ay hindi maisama sa pagkwenta para sa inyong Pensyon ng Katandaan sa pagdating ng panahon. Karagdagan pa nito, kung hindi ninyo natugunan ang mga kondisyon para makakuha ng benipisyo sa pagkakaroon ng kapansanan o Disability Basic Pension o naulila kung kailangan ninyo ito.

(2) Maaari kang mag-sumite ng aplikasyon para sa Sistema ng Pagpapaliban ng Kontribusyon (Contribution Postponement System) para sa mga taong mababa ang kita kung ikaw ay may edad na hindi aabot ng 50 taong gulang. Maaari ka din mag-sumite ng aplikasyon para sa ganitong sistema para sa iyong nakalipas na panahon ng hindi pagbabayad. Gayunpaman, mangyari lamang tandaan na kung ang panahon ng hindi pagbabayad ay bago mag-Hunyo 2016, ito ay maaari lamang para sa may mga edad na hindi aabot ng 30 taong gulang.

(3) Kung kayo ay nag-aaral, kayo ay maaring dumulog para Sistema ng Natatanging Pagbabayad ng mga Estudyante. Pakitandaan, datapwat, ang sistemang ito ay hindi sakop ang estudyante sa mga Sangay ng Paaralang Hapon na nakabase sa banyagang sistema o nakabatay sa maiksing termino.

**6. Pagbawi Mula sa Dating Kontribusyong May Iksemsyon**

Kung kayo ay may buo o kabahaging iksemsyon sa nakaraang panahon, maaari ninyong bawiin sa pamamagitan ng pagbabayad sa halagang kontribusyon ng may iksemsyon, ay may bisa hanggang 10 taon. Kung mabawi ninyo ang nakaraang panahong pagbabayad, ang inyong pensyon sa Katandaan pagdating ng panahon ay bibilangin ayon sa inyong kabuang halaga ng kontribusyon.

Pakitandaan, na ang tiyak na talatuntunan (specific index) ay idadagdag sa inyong pagbabawi ng pagbabayad ng kontribusyon na maaring bayaran sa loob ng humigit kumulang tatlong taon.

**7. Benipisyo ng Pambansang Pensyon**

(1) Pensyon sa May Edad o Matatanda

Kung kayo ay nakapagbayad na sa Pambansang Pensyon sa loob ng 10 taon at natugunan ang lahat ng kabagayan, ang sumusunod na halaga ay babayaran kapag kayo ay nasa edad 65 taon gulang.

★Halaga ng Benipisyo = ¥779,300 (taunang halaga sa taong 2017 para sa mga nakapagbayad ng kontribusyon sa loob ng 40 taon)

(2) Pensyong Batayan ng Pagkaroon ng Kapansanan (Disability Basic Pension)

Ang mga sumusunod na halaga ng Pensyong Batayan ng Pagkaroon ng Kapansanan o Disability Basic Pension ay binabayaran sa inyo kapag kayo ay nagkasakit o nagkaroon problemang pangkalusugan habang kayo ay sakop ng Sistema ng Pambansang Pensyon, at kung ang pagkakasakit o problemang pangkalusugan na maaaring maging dahilan sa naturang kawalan ng kaya ayon sa nakasaad sa Unang Baitang ng Kawalan ng Kaya o Ikalawang Baitang ng Kawalan ng Kaya.

★Halaga ng Benipisyo = ¥974,125 (Halaga sa loob ng Taong 2017 para sa Unang Baitang ng Kawalang Kaya)
¥779,300 (Halaga sa loob ng Taong 2017 para sa Ikalawang Baitang ng Kawalang Kaya)

(3) Pensyon ng mga Naulila (Survivors' Basic Pension)

Kapag ang Taong Nagseguro sa Sistema ng Pambansang Pensyon ay namatay, ang mga sumusunod na halaga para sa Pensyon ng Naulila (Survivors) ay ibabayad sa kanyang umaasang asawa na nag-aalaga sa kanyang mga anak at umaasang mga anak.

★Halaga ng Benipisyo = ¥1,003,600 ( Halaga sa loob ng Taong 2017 para sa kwalipikadong asawa at isang anak)

*Kung kayo ay naging naturalisadong mamamayan ng Hapon o kung kayo ay tinanggap bilang permamenteng maninirahan bago kayo sumapit sa edad na 65, ang inyong pangingibang bayang paninirahan sa loob ng panahon mula Abril 1, 1961 hanggang sa araw bago kayo ay naging mamamayang Hapon, sa edad na 20-59, ay kasama sa susuriin na panahon na 10 taon (ang tawag nito ay "complimentary period"). Ang "complimentary period" ay makabuluhang isama upang tingnan kung naabot ang 10 taong kailangan para maging sakop ng Pensyon sa Katandaan. Datapwat, ang panahong ito ay hindi kabilang sa pagtataya ng halaga ng benipisyo.

*Upang maging karapat-dapat para sa Pensyon ng May Kapansanan (Disability Basic Pension) o Pensyon ng mga Naulila (Survivors' Basic Pension), kailangang punan ang bahagi ng kontribusyon ayon sa nakasaad na kailangang bayaran. Para sa karagdagang detalye, magtanong sa Sangay ng Pambansang Pensyon (JPS Branch Office) o sa lokal na munisipyo. (tingnan ang "10. Ang Inyong Sanggunian para sa Inyong Pambansang Pensyon" sa ibaba).

**8. Lump-sum o Pagbabayad ng Buo para sa Hindi Mamamayang Hapon**

Kung kayo ay hindi mamamayang Hapon, kayo ay maaaring magsumite ng inyong hiling ng lump-sum sa loob ng 2 taon mula sa taong pagpatala ng pag-alis ng Japan (hindi na mamamayang Hapon). Para makapagsumiti, kailangang matugunan ang mga sumusunod na kondisyon: kayo ay nakapagbayad ng kontribusyon sa Pambansang Pensyon ng anim na buwan pataas (di kabilang ang inyong panahong pagseguro bilang Ikalawang Kategorya o Ikatlong Kategorya ng Nagseguro) hindi kayo nakatapos para sa kwalipikasyon para sa Pensyon ng Katandaan.

Ang pagbabayad ng halaga ay depende sa bilang ng inyong binabayaran buwan-buwan. Ang talaan ay nagpapakita ng halimbawa ng halaga ng binabayaran sa kaso ng inyong huling pagbabayad ng kontribusyon sa taong 2017.

| Kabuuhang Bilang ng Inyong Bayad na Buwan ng Kontribusyon (*) | Ang Inyong Binayarang Halaga |
|---|---|
| Sa pagitan ng 6 at11 buwan | ¥49,470 |
| Sa pagitan ng 12 at 17 buwan | ¥98,940 |
| Sa pagitan ng 18 at 23 buwan | ¥148,410 |
| Sa pagitan ng 24 at 29 buwan | ¥197,880 |
| Sa pagitan ng 30 at 35 buwan | ¥247,350 |
| 36 buwan pataas | ¥296,820 |

* Kung kayo ay may kontribusyong May-layao may iksemsyon , ang kabuuhang halaga ng buwang may bayad na kontribusyon ay kinukwenta ayon sa sumusunod: Kabuuhang bilang ng buwan na bayad na kontribusyon + ( bilang ng 1/4 buwang bayad na kontribusyon) x 1/4 + ( bilang ng kalahating kontribusyon ng buwang bayad) x1/2 + ( bilang ng 3/4 kontribusyon ng buwang bayad) x 3/4

[ Paano Makakuha ng Bayad ]

(1) Kapag kayo ay nagpatala sa inyong lokal na munisipyo na kayo ay hindi na naninirahan sa bansang Hapon, paki reshistro ng inyong paghinto sa Sistema ng Pensyon sa ganun ring panahon. Ang papel ng aplikasyon ay makukuha sa kahit saang lokal na Munisipyo o JPS branch office o JPS website.
(http://www.nenkin.go.jp/ )

(2) Kapag kayo ay nagsumite ng inyong aplikasyon, paki kompleto ng inyong aplikasyon ng buong kahusayan at ipadala ito kalakip ng mga suportang dokumento, sa pamamagitan ng koreo. Japan Pension Service, 3-5-24, Takaido-nishi, Suginami-ku, Tokyo 168-8505 Japan.

* Tandaan na ang panahong sasakupin ng kayo ay tumanggap ng bayad ay hindi na kasama sa bilang ng bayad na panahon ng kontribusyon.

**9. Panlipunang Kasunduang Pansiguridad**

Upang maiwasan ang dalawahang pilit na sakop at ang kabuuhang sakop na panahon para sa benipisyo sa pamamagitan ng dalawang bansa, mayroong bilateral na kasunduan sa pagitan ng Hapon at ilang bansa. Paki buksan ang JPS website para sa karagdagang detalye; (http://www.nenkin.go.jp/)

**10.Ang Inyong Sanggunian para sa Inyong Pambansang Pensyon**

Kung Kayo ay may mga katanungan tungkol sa Pambansang Pensyon at ang inyong benipisyo, pakisangguni sa inyong lokal na munisipyo o JPS Branch Office. Pakidala ang inyong Pensyon Manuwal. Maaari kayong sumangguni sa mga sumusunod na opisina na nasa website: (http://www.nenkin.go.jp/)
Maaari din kayong tumawag sa aming telepono para sa konsultasyon ng pensyon"NENKIN Dial" (Ang serbisyong ito ay nasa wikang Hapon).
Ihanda ang inyong Pensyon Manwal (sa inyong numero ng pensyon) bago kayo tumawag.

"NENKIN Dial" for domestic call : 0570 - 05 -1165 (at local call rate)
"NENKIN Dial" for international call : +81 - 3 - 6700 -1165 (at international call rate)

日本年金機構
Japan Pension Service

1708-1031-023